

## Kuwento 9 : Daniel

**Talata sa Bibliya [Daniel 6:27]**

**Siya ay sumasaklolo at nagliligtas; gumagawa siya ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa. Iniligtas niya si Daniel mula sa mga leon."**

Ito ay nangyari noong ang Haring Nebuchadnezzar ay namatay at Si Haring Darius ang naging isang hari upang pamunuan ang Babylon. Si Haring Darius ay humahanga sa karunungan ni Daniel at sa kaniyang ugali kaya siya ay tinalaga bilang isang punong ministro. Ngunit ang mga lingkod ay galit kay Daniel. Ang mga lingkod ay sumubok na alamin ang kahinaan ni Daniel ngunit hindi nila kayang ito ay pagalitan dahil wala itong ginagawang mali. Kaya naman ang mga lingkod ay nagbigay ng opinyon sa Hari.

"Kamahalan, may mga tao sa bansang ito na hindi naglilingkod sa Hari kundi ang sa ibang Diyos sila sumasamba."

Inirerekomenda namin na magpasa ka ng isang kautusan na nagsasaad na ang mga tao ay dapat yumukod lamang sa hari sa susunod na tatlumpung araw. Kung sino man ang yumukod sa ibang Diyos, dapat lang na ipatapon sila sa yungib ng leon. "

Nagsulat nga ng kautusan si Haring Darius, sinelyohan niya ito at ipinahayag sa mga tao.

Narinig ni Daniel ang pahayag ngunit hindi ito naging dahilan upang tumigil siya sa pagluhod at pananalangin sa Diyos ng tatlong beses upang pasalamatan ang Diyos.

Sinabi ng lingkod sa Hari, "Kamahalan!!! Kailangang ipatapon si Daniel sa yungib ng leon dahil hindi siya sumunod sa kautusan ng bansang ito at nanalangin sa Diyos. " Gustong gusto ni Haring Darius si Daniel ngunit wala siyang ibang magawa kundi ipatapon ito sa yungib ng mga leon. Sinabi ng Hari kay Daniel. "Ang Panginoon mong Diyos na iyong pinaglilingkuran nang buong sikap ang magliligtas sa iyo." Si Daniel ay patuloy na nanalangin sa Panginoon sa loob ng yungib ng leon.

Ang Hari, ay lubos na nag aalala kay Daniel, hindi ito makakain ni makatulog man.

Kinabukasan, ang Hari ay nagmadaling nagpunta sa yungib ng leon kung saan ang mga gutom na leon ay gumagala.

Sa loob ng yungib ng leon, nandoon si Daniel na kung titingnan ay mukhang payapa ang kalagayan.


Ang mga gutom na leon ay nakatayo sa harap ni Daniel at hindi nito sinasaktan si Daniel.

Ang Hari ay natuwa. Ipinatawag niya ang mga nag-akusa kay Daniel.

Ang Hari ay nagalit at tinapon sila kasama ang kanilang mga pamilya sa yungib ng leon.

Ang Hari ay muling gumawa ng kautusan na kailangang ang buong parte ng kaniyang kaharian ay marapat lamang na matakot at papurihan ang Diyos ni Daniel.

Simula noon, si Daniel ay patuloy na naglingkod sa Diyos at namuhay ng payapa.





**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Anong batas ang iminungkahi ng mga tagapaglingkod para malagay si Daniel sa kaguluhan at ano ang parusa?

------------------------------------------------------------

b. Alam ni Daniel na sasaktan siya ng mga lingkod, ngunit ginawa niya lamang kung ano ang ginagawa niya sa pang araw-araw. Ano ito?

------------------------------------------------------------

c. Basahin ang Daniel 6:16-23 at sagutin: Ano ang sinabi ng Hari kay Daniel noong siya ay tinapon na sa yungib ng mga leon? At ano ang nangyari kay Daniel sa loob ng yungib ng mga leon?

------------------------------------------------------------

- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Daniel 6:27)**

> Siya ay sumasaklolo at nagliligtas; gumagawa siya ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa. Iniligtas niya si Daniel mula sa mga leon."



**Gawain 2.** Isulat ang iyong 5 kahilingan na panalangin.

## MGA KAHILINGAN NA PANALANGIN

- ..............................................................................................................................
..............................................................................................................................
- ..............................................................................................................................
..............................................................................................................................
- ..............................................................................................................................
..............................................................................................................................
- ..............................................................................................................................
..............................................................................................................................
- ..............................................................................................................................
..............................................................................................................................

